# Modyul para sa Sariling Pagkatuto 9

## Pagsasabuhay ng Ispiritwalidad

PANGALAN: GURO: GNG. ELIZABETH D. MENDOZA

BAITANG AT PANGKAT: ESP 6

## PANAPOS NA PAGSUSULIT

**Panuto:** Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon at tukuyin kung ano ang nararapat gawin. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Nalaman ni Angelika na nawalan ng trabaho ang kanyang mga magulang dulot ng pandemya. Kung ikaw si Angelika ano ang iyong gagawin?

    a. Manghingi na lamang ng tulong sa lolo at lola.

    b. Ipagdasal na sana ay makahanap sila ng trabaho at tulungan sila sa pagtitipid upang makabawas sa gastusin.

    c. Kausapin ang magulang na maghanap ulit ng trabaho. Upang mabili mo ang gusto mo.

    d. Maghintay na lamang ng ayuda mula sa gobyerno para may pagkain araw-araw.

2. Maraming tao sa buong mundo ang namatay dulot ng COVID-19. Ang iyong kapatid na si Shane ay natatakot na siya ay mahawaan at mamatay din dulot nito. Bilang kapatid ano ang iyong gagawin?

    a. Hikayatin ang kapatid na magdasal upang lumakas ang loob at ipaliwanag na dapat huwag mangamba sapagkat sila ay hindi lumalabas ng bahay.

    b. Isiping mabuti ang sinabi ng kapatid at mangamba.

    c. Ipaalam sa magulang kung paano siya kausapin para wala ka ng problema.

    d. Ipagsawalang bahala dahil hindi naman ito makakatulong sa iyo.

LIVEWORKSHEETS

3. Ang pamilya ni Fernan ay nagdadalamhati dahil sa pagkawala ng kanyang ina. Nakita mo siyang umiiyak. Ano ang dapat mong gawin?

   a. Hayaan ko na lamang siyang umiiyak dahil wala naman akong magagawa.

   b. Sabihin ko sa kanyang huwag nang umiyak dahil wala naman magagawa ang kanyang pag-iyak.

   c. Lapitan ko siya at damayan para maibsan ang kanyang kalungkutan.

   d. Samahan ko rin siya sa pag-iyak para alam niya na dinadamayan ko rin siya.

4. Madalas kayong magsimba tuwing Linggo, ngunit dahil sa pandemya ipinagbawal ang pagsisimba. Ano ang inyong gagawin?

   a. Magdasal na lamang sa bahay dahil nakakabagot.

   b. Magdasal ng taimtim kasama ang pamilya sa bahay.

   c. Pumunta pa rin sa simbahan para magdasal.

   d. Huwag na lamang magdasal.

5. Nabalitaan mo na may sakit ang iyong ama na nasa ibang bansa. Hindi mapakali ang iyong ina sa pag-aalala. Bilang anak, ano ang dapat mong gawin?

   a. Samahan mo ang iyong ina sa pag-aalala.

   b. Hayaan mo na lamang siya.

   c. Yayain mo ang iyong ina na ipagdasal ang iyong ama upang maibsan ang pag-aalala.

   d. Umiyak sa kwarto para hindi ka makita ng iyong ina na ikaw rin ay nag-aalala.

LIVEWORKSHEETS